

Talaan Para sa Kaligtasan ng Bata

Pagpapanatiling Ligtas ang Inyong Mga Anak

Ang mga aksidente sa pamamahay ay ang mga higit at madalas na pinagmumulan, ngunit maiwasang dahilan ng mga pinsala sa mga bata.

Madalas ang mga bata ay mapangsitang sa mga bagay-bagay. Ang inyong maingat na atensyon sa mga bagay na may potensyal na panganib ay makakapag-iwas sa mga bata na masaktan.

Ang Mga Sanggol

- Patulugin ang mga sanggol at maliliit na anak na nakatihaya.
- Huwag patulugin ang mga maliliit na anak sa higaan ng mga matatanda o sa mga malambot na higaan.
- Panatiliing nakataas ang gilid ng kuna habang naroroon ang inyong maliit na anak (maging ang inyong sanggol).
- Huwag magtali ng mga laruan sa kuna o lugar ng palaruan o *playpen*-maaaring masabit o matali ang inyong anak sa mga ito.
- Huwag magtali ng tsupon o *pacifier* sa bandang leeg ng inyong anak.
- Ikonsidera ang paggamit ng mga monitor upang marinig kung umiiyak ang inyong anak..

Mga Maliliit na Bata

Diskubrihin ang inyong tahanan sa pamamagitan ng paningin ng inyong anak. Igapang ang inyong mga kamay at tuhod upang maghanap ng mga bagay na may potensyal na panganib.

- Magkabit ng mga hawakang ligtas sa mga bata sa lahat ng kabinet at tokador na naglalaman ng mga bagay na mapanganib.
- Pasakan ng mga plastik na saket o *plug* upang maiwasang mapasakan ng mga bagay o mapagsitang daliri.
- Alisin ang mga hindi ginagamit na karagdagang kurdon o kable.
- Ilagay ang malaking sopa o upuan sa lugar ng mga saksakan ng kuryente.
- Itago muna ang mga maliliit na lamesa o kagamitan na may mga matulis na kanto o hindi matibay hanggang sa paglaki ng inyong anak.
- Itago at itaas ang mga tali ng takip ng bintana o *blinds*, sa hindi maaabot ng mga bata.
- Magkabit ng tamang takip sa harap ng sigaang o *fireplace*.
- Maglagay ng harang sa hagdanan upang maiwasan ang mahulog.
- Itabi ang mga maliliit, babasaging bagay sa ibabaw ng lamesa sa hindi maaabot ng mga bata.
- Siyasating maiigi ang mga laruan kung may matatalas na kanto at kung may maliit, pira-piraso o mga sirang parte nito.



- Siyasatin ang mga tarheta ng mga laruan upang masigurong hindi ito nakakalason at karapat-dapat sa edad ng bata.
- Itabi ang mga likidong pambahay katulad ng alkohol, sabon, panlinis, pang-ahit, posporo, at gamot sa hindi maaabot ng mga bata o sa mga nakakandadong kabinet.
- Itabi ang mga plastik na supot, bag at maliliit na bagay katulad ng butones, mga mani, matitigas na kendi o pera sa hindi maaabot ng mga bata.
- Tumawag ng propesyunal na manggagamot kung inyong nasuspetsang nakalulon ng bagay na mapanganib o nakakalason ang inyong anak.
- Matulog nang nakasarado ang pintuan ng kuwarto upang hindi mapasok ng usok kung sakaling magkasunog.
- Bantayan ang inyong maliit na anak kung siya ay nasa paliguan.
- Siguruhin na ang mga laruan, kasangkapan at mga dingding ay ginamitan ng hindi nakakalasang pintura.
- Turuan ng salitang “mainit” hangga’t maaga. Panatiliing malayo ang inyong anak sa mainit na kalan, plantsa, bentilasyon, sigaan, ihawan, sigarilyo, pangsindi, at mainit na inumin.
- likot sa malayo ang hawakan ng mainit na kawali kung nagluluto.
- Huwag iiwanang nakalaylay ang tali ng maliliit na kagamitan sa ibabaw ng patungan o sa may kalan.
- Huwag hayaang nakalaylay ang mantel ng lamesa sa gilid nito upang hindi paglambitinan at hilahin ito.

Sa Loob ng Sasakyan

- **Huwag iiwang nag-iisa ang isang bata sa loob ng sasakyan anuman ang mangyari.**
- Palaging gumamit ng upuang pambata o pangsanggol na tama sa bigat nito. Palaging sundin ang rekomendasyon ng pagawaan sa pagkakabit nito.
- Gumamit ng nararapat o tamang upuan na iniririkomenda para sa bigat ng inyong nakakatandang anak.
- Ang mga bata na ang edad ay mababa sa 12 taon ay nararapat lamang na umupo sa may likuran. Ang mga supot ng hangin o *air bags* ay maaaring maka-sakit o makapatay sa mga bata kung ito ay lolobo.
- Huwag hayaang kumandong ang inyong anak sa iba o makibahagi ng *seat belt* kung nasa sasakyan.

Iba Pang Mga Suhestiyon na Makakatulong

- Iilagay ang pamatay-apoy o *fire extinguisher* sa isang lugar na madaling makukuha.
- Magkabit ng detektor sa usok at sa karbon monoksyd at regular na siyasatin ang baterya ng mga ito.
- Siguruhin lamang na ang mga tali ng dyaket o pangginaw, balabal, at mga tali ng talukbong sa ulo ay hindi sasabit sa mga palaruan.
- Huwag iiwang nag-iisa ang mga bata sa tabi ng mga languyan o *pool*, ilog, o lawa. Alisan ng tubig ang mga paliguan kung hindi ginagamit at takpan ang mga lubluban o *spa* at/o maiinit na lubluban.
- Ang mga aso ay maaari din maging agresibo. Siguruhing nababantayan ninyo ang mga bata kung ang mga aso ay nakakawala.
- Siguruhin na ang mga tagapag-alaga ng bata ay may talaan ng mga emerhensiyang numero at mga patakarang dapat sundin. Ipaalam sa kanila kung saan kayo makokontak.

Maging Handa:

Ikonsiderang kumuha ng kursong sa madaliang pagsasagip o *CPR* para sa mga bata.

